Para sa paggamit ng medikal na institusyon

Petsa ng Pagsisimula ng Paggamot sa YAZ Flex

TAON BUWAN ARAW

## Mga tanong ukol sa YAZ Flex

Tulong serbisyo ng Bayer Yakuhin Ltd.

Call Center ng YAZ Flex: 0120-822-091
(Wikang Hapon lamang)

24 na oras kada isang araw, 365 araw

PP-YZF-JP-0303-01-06

Card ng pasyente

Produkto para sa sakit dulot ng endometriosis / Produkto para sa sakit dulot ng dismenorya o sakit sa puson kapag may regla

# Para sa mga gumagamit ng YAZ Flex

- Maaaring magkaroon ng thromboembolism (pagbabara sa daluyan ng dugo dulot ng namuong dugo) kapag uminom ka ng YAZ Flex.
- Makakatulong ang regular na pagpapatingin sa iyong doktor upang maiwasan ang thromboembolism sa maagang panahon.
- Kung napansin mo ang pagkakaroon ng mga sumusunod na sintomas, mangyaring pumunta agad sa pumunta agad sa emergency room ng malapit na ospital.

- Biglaang sakit/pamamaga sa binti
- Panghihina/pagkaparalisa ng kamay at binti
- Biglaang pangangapos ng hininga at paninikip ng dibdib
- Matinding sakit ng ulo, hirap sa pagsasalita (o hindi maintindihan ang pananalita)
- Biglaang pagkakaroon ng problema o panlalabo ng paningin

Mangyaring ipakita ang card na ito tuwing magpapatingin ka sa sinumang doktor.

Card ng pasyente

Produkto para sa sakit dulot ng endometriosis / Produkto para sa sakit dulot ng dismenorya o sakit sa puson kapag may regla

# Para sa mga gumagamit ng YAZ Flex

● Dapat na paghinalaang may thrombosis (namuong dugo sa daluyan ng dugo) kapag naobserbahan ang mga sumusunod na sintomas. Itigil ang pag-inom ng YAZ Flex at agad na gumawa ng appointment sa doktor, kahit na mukhang hindi malubha ang mga sintomas.

> Pananakit, pamamaga, pamamanhid, pamumula sa, pag-init ng binti, o kaya ay sakit ng ulo, pagsusuka, pagduduwal, atbp.

● Kapag nagkaroon ng mga sumusunod na kondisyon, itigil ang pag-inom ng YAZ Flex at agad na gumawa ng appointment sa doktor.

> Hirap sa paggalaw ng katawan, dehydration o pagkaubos ng tubig sa katawan

Ang pagtayo nang matagal o hindi pag-inom ng sapat na tubig ay maaring tumuloy sa thrombosis
Inirerekomenda ang madalas na pag-inom ng tubig at katamtamang pag-ehersisyo

# Para sa mga doktor o manggagamot

● Kasalukuyang umiinom ng YAZ Flex (preparasyon na kombinasyon ng estrogen at progesterone)

● Dapat na paghinalaan ang thrombosis* (dulot nang paggamit ng kombinasyon ng estrogen at progesterone) kung nag-ulat ang pasyente ng alinman sa mga inilarawang sintomas (tingnan ang pulang square sa card na ito)

* Pamumuo ng dugo sa ugat sa binti (venous thrombosis) at sa baga (pulmonary thromboembolism). May mga madalang na report ng pamumuo ng dugo sa ugat sa utak (intracranial venous sinus thrombosis), cerebral infarction...

● Kung mayroong mga abnormal na sintomas , mangyaring makipag-ugnayan sa doctor na nagreseta ng Yaz Flex